September 2020

Para sa mga magulang

Mutsumi Seibu Elem School
Principal Yamamoto Norio

# 第２４回　運動会の開催についてのご案内
# Impormasyon Tungkol sa Gaganaping 24th Sports Festival

１　Date and Time:　October 17 (Sat), 2020（8:40am umpisa ng pagtatangghal）

２　Place:　Mutsumi Seibu Elementary School Sports Field

３　Sports Fest and Weather Condition

| | |
|---|---|
| October １７（Saturday）<br>Kung naganap ang Sports Fest sa araw na ito | １７（Sat）…Sports Fest（hindi magdadala ng bento, uuwi sa oras na 11:50～12:00）<br>１８（Sun）…Walang pasok<br>１９（Mon）…Walang pasok, kapalit na araw<br>２０（Tue）…Regular class（mayroong School Lunch） |
| October １７（Saturday）<br>Kung maulan sa araw na ito | １７（Sat）…Walang pasok<br>１８（Sun）…Sports Fest（hindi magdadala ng bento, uuwi sa oras na 11:50～12:00）<br>１９（Mon）…Walang pasok, kapalit na araw<br>２０（Tue）…Regular class（mayroong School Lunch） |
| October １7（Saturday）<br>October １8（Sunday）<br>Kung parehong maulan sa araw na ito | １７（Sat）…Walang pasok<br>１８（Sun）…may klase sa umaga（hindi magdadala ng bento, uuwi sa oras na 12:00）<br>１９（Mon）…Walang pasok, kapalit na araw<br>２０（Tue）…Regular class（mayroong School Lunch） paghahanda sa hapon<br>２１（Wed）…Sports Fest（mayroong School Lunch） may klase sa hapon |

※　Kung ang panahon ay kahina-hinala, at hindi alam kung tuloy o hindi tuloy ang Sports Fest, ipapaalam namin ito sa pamamagitan ng mensahe sa school mail (Mutsumi Seibu School Mail), at homepage ng paaralan　sa oras na 6:40 ng umaga.

4　Pakiusap

（１）Walang parking space sa loob at paligid ng paaralan. Maglakad o gumamit ng bisekleta. (Kung gagamit ng bisekleta, iparke ito ng maayos sa lugar ng lower grade).

※Dati, nagkaroon ng aksidente ng pinsala sa ariarian “property damage” at kaguluhan sa paradahan. Pinapakiusap ang labis na pag-iingat dahilan sa nakakaabala sa mga kalapit na bahay,

（２）Walang nakahandang basurahan. Dalhin pauwi ang sariling basura. Ipinagbabawal din ang paninigarilyo sa loob ng paaralan.

（３）May nakahandang tent para sa mga magulang. Manyaring maupo at manood mula sa loob ng tent. Magdala ng sariling pansapin para maupuan. Huwag magdala ng upuan na natitiklop sa loob ng tent para sa mga magulang.（４）Mahigpit na ipinagbabawal na magtayo ng sariling tent at table set sa lugar ng Sports Field, parking space at pagkuha ng sariling pwesto. (Tandaan na aalisin namin ito)

（５）Pakiusap sa mga magulang na pumunta sa paaralan sa oras na 8:00am pataas. Pumasok at lumabas lamang sa Main Gate.**Siguraduhing nakasuot ng mask.**Pumasok kapag inalis na ang lock ng gate.

**Tignan sa likuran**

（６）Sukatin ang temperature ng katawan sa bahay, huwag pumunta sa paaralan kung ang lagnat ay 37.5 pataas at hindi maganda ang kondisyon ng katawan. Hanggat maaari umuwi na agad matapos ang presentasyon ng inyong anak. Hindi uuwi ng sabay ang magulang at mga bata.

（７）Dahilan sa ang gym ay ginagamit sa klase ngayong taon, hindi ito ipapagamit para gawing pahingahan ng mga magulang.

（８）**Lilimitahan ang mga bisita na manonood para maiwasan ang pagkalat ng impeksyon ng COVID-19 sa loob ng Okazaki at para magkaroon ng "social distancing"babawasan ang mga bibisita sa paaralan at magdadagdag ng mga tent para sa mga magulang. Hanggang dalawang tao lamang sa bawat tahanan ang maaaring manood, magbibigay kami ng dalawang Entrance Permit para sa bawat tahanan. Sa kabilang banda para maiwasan ang mga aksidente para sa mga maliliit na bata (tulad ng sanggol) na hindi kayang nag-iisa, papayagan ang mga ito na makapasok. Tandaan na hihilingin na ipakita ang Entrance Permit sa pagpasok sa Main Gate.**

（Contact :Mutsumi Seibu Elem School Dean Sugisaki Hideo, Tel.　７１－２９７１）